

Matibay na implementasyon at polisiya susi sa pagpapaunlad ng bioteknolohiya sa bansa, ayon sa eksperto

Teksto at larawan ni Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII

Sa nakalipas na taon, marami nng mga pag-aaral, produkto, at serbisyo ang nalikha na may kinalaman sa bioteknolohiya. Subalit kinakailangan nito ng matibay na pamantayan at polisiya sa pagpapatupad upang lubos na maramdaman ng mga ordinaryong Pilipino ang iba't ibang benepisyong nito.

Ito ang paniniwala ni Dr. Carmencita D. Padilla, chancellor ng University of the Philippines (UP) Manila at akademisyang mula sa Department of Science and Technology-National Academy of Science and Technology (DOST-NAST). Nagsilbing panauhing pandangal si Dr. Padilla sa pagbubukas ng ika-15 taon na selebrasyon ng National Biotechnology Week noong ika-25 ng Nobyembre 2019 sa National Kidney and Transplant Institute (NKTII) sa lungsod ng Quezon.

Ayon kay Dr. Padilla, marami nang mga pag-aaral sa bioteknolohiya, kabilang na sa larangan ng pangkalusugan at medisina ang tinutukan ng ating mga siyantista sa bansa. Kabilang na rito ang may kinalaman sa nutrisyon at mga gamot na panlunas sa mga sakit kagaya ng dengue.

Pagbabahagi ni Dr. Padilla, sa loob ng tatlong dekada na pagsisilbi bilang clinician-researcher, nasaksihan niya kung paano umunlad ang pananaliksik sa larangan ng



Binisita ni Dr. Carmencita D. Padilla (ikalawa mula sa kanan) ang ilan sa mga booth ng National Biotechnology Week.

kalusugan, kabilang na rito ang pagkakaroon ng mataas na pondo.

“Due to this exponential increase in the budget for research, our researchers have the better handle of the kind of research they would apply to DOST-PCHR, to DOST-PCIEERD, to DOST-PCAARRD. The Philippine scientists overseas were encouraged to come home and help through Balik Scientist Program as well as our numerous upgraded laboratories. In another words, the researchers cannot complain anymore”, sabi ni Dr. Padilla.

Para kay Dr. Padilla, maituturing na malaking tagumpay na dumarami ang mga pag-aaral sa bansa na may kinalaman sa medisina at pangkalusugan. Paliwanag niya na dati kasi ay nasanay tayong ginagamit ang mga pag-aaral at iba pang gamot na nangagaling sa ibang bansa. Ngunit, may mga pag-aaral, partikular, sa mga panlunas

sa mga sakit, ang kinakailangan subukan ang epekto nito sa bansa at sa Pilipino sapagkat naiiba ang ating genetic background sa mga Amerikano, Tsino, o Europeyano.

Sa taong ito, sumentro ang selebrasyon ng NBW kung paano nakatutulong ang mga pag-aaral, pasilidad, serbisyo, at produkto na may kinalaman sa bioteknolohiya upang paunlarin ang sektor ng pangkalusugan sa bansa.

Sabi ni Dr. Padilla, ang mga pag-aaral, gamot, at kagamitan na nadebelop sa tulong ng mga aplikasyon ng bioteknolohiya ay makatutulong upang mas pataasin pa ang tiwala ng publiko hinggil sa benepisyong hatid ng bioteknolohiya.

Ngunit para kay Dr. Padilla, balewala lang ang mga ganitong pag-aaral at produkto kung hindi rin ito maipapakilala sa merkado. Ang pagkakaroon ng polisiya na susuporta at maninigurado na ang mga nadebelop na pag-

Mga Nilalaman

SOCCSKSARGEN Regional Invention Contest and Exhibits ibinida ang 52 technologies.....	p2
DOST nakiisa sa kampanya kontra pang-aabuso sa mga kababaihan.....	p4
LarawaNews.....	p4

SOCCKSARGEN Regional Invention Contest and Exhibits ibinida ang 52 technologies

Ni Rodolfo P. de Guzman, *DOST-STII*
Mga larawan ni Allan Mauro V. Marfal,
DOST-STII

General Santos City, South Cotabato – Kung sinasabi nila na ang pagiging malikhain ay likas sa mga Pilipino, ito ay napatunayan sa nakaraang pagdiriwang ng National Science and Technology Week sa SOCCKSARGEN Region kung saan ibinida ang 52 pananaliksik at imbensyon. Ang naturang pagdiriwang ay may temang, “Enabling Technologies for Sustainable Development”.

Ang naturang bahagi ng pagdiriwang na ito ay tinawag na Regional Invention Contest and Exhibits (RICE) na ginawa sa pakikipagtulungan ng Department of Science and Technology (DOST)-Region XII at ng DOST-Technology Application and Promotion Institute (TAPI) noong ika-3 hanggang ika-5 ng Disyembre 2019 sa SM City, General Santos City, South Cotabato.

Ayon kay DOST Secretary Fortunato T. de la Peña, ang selebrasyon ng siyensiya at teknolohiya sa bansa ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga siyentista, mananaliksik, at mga imbentor na ipakita ang kanilang mga nagawa sa iba’t-ibang larangan tulad ng sa agrikultura, sa pagnenegosyo, sa paggawa ng mga produktong makatutulong sa kalikasan, at mga kagamitan at makinarya na magagamit sa pang-araw-araw.

Sa Outstanding Utility Model Category, ang mga kalahok ay pinili ayon sa mga sumusunod na katangian: value of novelty, good concept and methodology, potential for commercialization, at good presentation.

Ang mga tinanghal na nanalo sa Outstanding Utility Model Category ay ang mga sumusunod: Rubber Rootstocks Propagation via Microcutting nina Harem R. Roca at Arnie Jay Evangelio (first runner-up) mula sa Kabacan, North Cotabato at ang nagwagi bilang Regional Winner ay ang proyektong Floral Apex Banana Tissue Culture nina Emma K. Sales at Harem R. Roca mula sa Kabacan, North Cotabato. Sa taong ito ay walang parangal bilang second runner-up dahil hindi nakaabot sa takdang 80 na puntos.

Para naman sa Likha Award (Creative Research) Category, ang mga nagwagi ay ang mga sumusunod: REDUPOL (Reduce Pollution



Iniabot nina (mula kaliwa hanggang kanan) Engr. Sammy P. Malawan, chief science research specialist mula sa DOST-XII, DOST-XII OIC Engr. Mahmud L. Kingking, at dating DOST Region V Director na si Tomas B. Briñas ang tropeyo at cash prize kay Francisco H. Gecosala (ikalawa mula sa kaliwa) na itinanghal bilang regional winner para sa kanyang Turbo Rice Steamer.



Tinanggap ni Harem R. Roca (ikalawa mula sa kanan) ang tropeyo at cash prize na nagkakahalagang PHP 25,000 sa pagkapanalo niya bilang regional winner sa Outstanding Utility Model Category para sa kaniyang proyektong Floral Apex Banana Tissue Culture.

(second runner-up) nina Benjamin Norman N. Roy ng General Santos City; Project LUWAS: A comprehensive system and low-cost mobile technology which aims to save lives before or during disaster events (first runner-up) nina Arnel B. Arreglado, Jolitop D. Rico, at Necta Fewee N. Kitche ng General Santos City; at ang tinanghal na regional winner ay si Francisco H. Gecosala ng Cotabato City para sa kanyang Turbo Rice Steamer.

Sa SIBOL Award (Student Creative Research for College) Category naman, ang mga nagwagi ay ang mga sumusunod: Solar Powered Automated Plant Watering System

with Monitoring using Internet of Things (IoT) (second runner-up) na isinali nina Jeffry Padura, Rey Vincent Abe, at Daryl Villarin. Ang kanilang tagapayo ay sina Faith Baldonado at Engr. Allan S. Songano ng Notre Dame of Marbel University. Ang premyong first runner-up ay ipinagkaloob sa proyektong Solar Powered Black Bug Eliminator Using LED Light and Microcontroller nina Gil John A. Ganaden, Jesse S. Lebanan, at Quennie B. Magbanua kasama ang kanilang tagapayo na si Engr. Allan S. Songano mula sa Notre Dame of Marbel University. Ang tinanghal na regional winner ay ang proyektong Highly Accessible and Rapidly



Tinanghal na Regional Winner sa SIBOL-Outstanding Student Creative Research-College Category ang proyektong Highly Accessible and Rapidly Deployable Emergency Network (H.A.R.D.E.N.) mula sa koponan nina Von Andrei R. Epino, Charles June M. Robinos, VJ Danielle G. Sanjorjo, Kenji S. Tanaka, at Mac Raphael D. Villanueva kasama ang kanilang tagapayo na si Engr. April C. Sur mula sa Notre Dame of Dadiangas University, General Santos City.



Tinampok na regional winner sa SIBOL-Outstanding Creative Research-High School Category ang proyektong Arduino-Based Assistive Device and Obstacle Avoidant Cane for Visually-Impaired and Blind Person nina Niño Angelo G. Deboma, Sali T. Isa, at Niko Gumapac kasama ang kanilang tagapayo na si Abdulsabor U. Kuntong ng Cotabato City National High School-Main Campus sa Cotabato City. Iniabot ang gantimpala nina Engr. Sammy P. Malawan (ikalawa mula sa kanan), chief science research specialist mula sa DOST- XII at ni dating DOST -V Director na si Tomas B. Briñas (kanan).

**Matibay na...
Mula sa pahina 1**

aaral sa bioteknolohiya ay mapakikinabangan ng partikular na komunidad at sektor.

Hinihikayat din ni Dr. Padilla ang pamahalaan at pribadong sektor na ipatupad ang “Filipino First Policy” kung saan prayoridad na tangkilikin muna ang mga produkto at teknolohiyang dinebelop ng mga Pilipino, bago ang sa ibang bansa. Sa pamamagitan nito, mas mararamdaman ng mga Pilipino ang magandang naidudulot ng mga pananaliksik ng ating mga siyantista at

makikita nila kung paano nakatutulong ang agham at teknolohiya na bigyang solusyon ang mga suliranin ng bansa.

Ang ika-15 taon na selebrasyon ng NBW ay tumakbo mula ika-25 hanggang ika-29 ng Nobyembre 2019 sa lobby ng NKTi kung saan nagtampok ito ng mga eksibit at forum na inorganisa ng iba’t ibang ahensya ng pamahalaan kagaya ng DOST, Department of Health, Department of Agriculture, Department

of Environment and Natural Resources, Department of Education, Commission on Higher Education, at Department of Trade Industry. Katuwang din dito ang mga organisasyong katulad ng International Rice Research Institute, Southeast Asian Regional Center for Graduate Study and Research in Agriculture, National Biotechnology Coalition of the Philippines, at J. Burgos Media Services.

Deployable Emergency Network (H.A.R.D.E.N.) mula sa koponan nina Von Andrei R. Epino, Charles June M. Robinos, VJ Danielle G. Sanjorjo, Kenji S. Tanaka, at Mac Raphael D. Villanueva kasama ang kanilang tagapayo na si Engr. April C. Sur mula sa Notre Dame of Dadiangas University, General Santos City.

Para naman sa SIBOL Award (Student Creative Research for High School) Category, ang mga sumusunod na kakaibang mga proyektong ang mga nagwagi: Solar Powered Rice Black Bug Trap (second runner-up) nina Haris A. Engka, Ronnie Joy S. Moabon, at Haikal C. Kasim kasama ang kanilang tagapayo na si Sittie Sahara S. Mustapha mula sa Canizares National High School of Arts and Trade ng Malagapas, Cotabato City; Plastic Bottles as Window Glass Replacement (first runner-up) nina Elvin Jane F. Morales mula sa Kidapawan City National High School sa Kidapawan City; at ang tinampok na regional winner ay ang proyektong Arduino-Based Assistive Device and Obstacle Avoidant Cane for Visually-Impaired and Blind Person nina Niño Angelo G. Deboma, Sali T. Isa, at Niko Gumapac kasama ang kanilang tagapayo na si Abdulsabor U. Kuntong ng Cotabato City National High School-Main Campus sa Cotabato City.

Ang Board of Judges ay binubuo nina: Dr. Agustin M. Fudolig, deputy executive director for Research and Development ng DOST-Metal Industry Research and Development Center; Engr. Sammy P. Malawan, chief science research specialist mula sa DOST Region XII; at ang dating DOST-Region V Director na si Tomas B. Briñas bilang chairman ng mga hurado. Ang naturang kaganapan ay itinaguyod ng buong DOST-Region XII sa pamumuno ni DOST-Region XII OIC Engr. Mahmud L. Kingking at ni Engr. Edgar I. Garcia, director ng DOST-TAPI.

DOST nakiisa sa kampanya kontra pang-aabuso sa mga kababaihan

Ni Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII

Mula ika-25 ng Nobyembre hanggang ika-12 Disyembre 2019, ang buong bansa ay inanyayahang makiisa sa 18 araw na kampanya kontra sa pang-aabuso sa mga kababaihan o violence against women (VAW). Sa pangunguna na Philippine Commission for Women (PCW), ang nasabing kampanya ay naglalayong ipaalala at hikayatin ang bawat Pilipino na maging bahagi sa pagprotekta sa karapatan ng mga kababaihan sa bansa.

Isa ang Department of Science and Technology (DOST) sa mga ahensyang patuloy na tumutugon dito. Kaya naman ngayong taon, iba't ibang aktibidad ang inihanda ng departamento sa pangunguna ng DOST-Gender and Development Office sa ilalim ng pamumuno ni Director Elizabeth A. Fontanilla.

Kabilang na rito ang paglalagay ng mga tarpaulin at streamer sa kani-kaniyang mga opisina na sumusuporta sa naturang adbokasiya. Kasama rin dito ang paggagawa at paglalagay ng mga artikulo at larawan tungkol sa mga aktibidad ng opisina na tumatalakay sa mga isyu at pang-aabuso sa mga kababaihan.

Noong ika-2 ng Disyembre, kasabay ng flag-raising ceremony, naghanda ng iba't ibang presentasyon ang ilang mga ahensya ng DOST na kung saan ipinapahayag nila ang paksa at pamamaraan nila ng pagsuporta sa 18 araw na kampanya kontra sa pang-aabuso sa mga kababaihan.



Isa ang DOST-Philippine Textile Research Institute sa nakiisa sa 18 araw na kampanya para sa VAW. Sa isang maikling dula, ipinakita nila kung ano ang kanilang commitment bilang institusyon upang tulungang sugpuin ang pang-aabuso sa mga kababaihan. (Larawan mula sa DOST-PTRI)

Samantala, kaugnay din sa pagsuporta sa naturang kampanya, nanguna ang DOST-Science and Technology Information Institute sa pagsasagawa ng libreng film showing ng pelikulang "Bagage" noong ika-26 Nobyembre 2019 para sa mga empleyado ng DOST-STII, DOST-Science Education Institute, at DOST-Philippine Council for Industry, Energy and Emerging Technology Research and Development. May hiwalay naman na pagpalabas ng nasabing pelikula ang DOST-Technology Application and Promotion Institute noong ika-10 ng Disyembre 2019.

Sa kaniyang mensahe, naniniwala si DOST-STII Director Richard P. Burgos na malaki ang papel ang ginagampanan ng DOST at mga kawani nito upang tulungan ang mga kababaihan na magkaroon ng patas na oportunidad na magsilbi at ibahagi ang kanilang kakayahan sa larangan ng siyensya at teknolohiya. Patunay lamang dito ang patuloy na paglago ng populasyon na mga kababaihan siyentista sa bansa, kasama na rito ang iba't ibang pagkilala nilang tinatanggap sa loob at labas dahil sa mahalaga nilang kontribusyon sa larangan ng siyensya at teknolohiya.

LarawaNEWS



Dumalo si Department of Science and Technology Secretary Fortunato T. de la Peña (ikalawa mula kaliwa) kasama ni President Rodrigo R. Duterte (gitna) upang irepresenta ang bansa sa ginanap na 2019 ASEAN-Republic of Korea Commemorative Summit sa Busan, South Korea noong ika-26 ng Nobyembre 2019. Kalakip ang temang "ASEAN-ROK 30&30", pinag-usapan ng mga pinuno mula sa iba't ibang bansa ang mga nagawa ng ASEAN at Republic of Korea sa nakalipas na 30 taon at ang kanilang mga plano upang mas pagtibayin pa ang kani-kanilang relasyon at kooperasyon sa bawat bansa. Kasama rin sa ginanap na summit sina (mula kaliwa): Department of Social Welfare and Development Secretary Rolando D. Bautista, Department of Finance Secretary Carlos G. Dominguez III, Department of Foreign Affairs Secretary Teodoro L. Locsin Jr., Department of National Defense Secretary Delfin N. Lorenzana, at Department of Trade and Industry Secretary Ramon M. Lopez. (Teksto ni Jasmin Joyce P. Sevilla, DOST-STII, impormasyon mula kay Enrico A. Belga Jr., DOST-CO, at larawan mula sa Facebook page ni DOST Secretary Fortunato T. de la Peña)